Department of Education
**Bureau of Secondary Education**
***CURRICULUM DEVELOPMENT DIVISION***
*Meralco Ave., Pasig City*

# Project EASE
(Effective Alternative Secondary Education)

## *FILIPINO 1*

# Modyul 5
## *Pagsulat ng Talambuhay*

# Modyul 5
# Pagsulat ng Talambuhay



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Magandang araw sa iyo!

Narito na naman ako upang magbigay ng mahahalagang kaalaman na magagamit mo sa iyong pang-araw-araw na buhay.

Simple lang ang aralin sa bahaging ito ng modyul. Kailangan lamang na mag-ukol ka ng kaunting oras upang matagumpay mong matugunan ang mga pangangailangan ng araling ito.

Natitiyak kong marami kang *idol* o mga hinahangaang artista, politiko, atleta, o kaya'y mga pangkaraniwang tao sa inyong lugar, na nakagagaawa ng mga mabubuti at kapaki-pakinabang na bagay sa iba. Sila ang iyong inspirasyon upang magsikap din sa iyong pag-aaral at makamit din ang kanilang mga nakamit. Nais mong maging tulad nila balang-araw, isang taong hinahangaan, tinitingala, at huwaran ng kabataan.

Sa modyul na ito, ikaw ay magsusulat ng iyong sariling talambuhay at talambuhay ng ibang tao. Makikilala mo rin sa mga aralin na inihanda ko ang mga taong tiyak na magbibigay sa iyo ng dagdag na inspirasyon sa buhay. Sila ang mga taong buong husay na gumanap sa kanilang mga tungkulin bilang mga Pilipino. Nakagawa sila ng mabubuting bagay na nakatulong nang malaki sa maraming Pilipino upang makilala nila ang kaniyang sarili, at angking kultura. Kinilala sila hindi lamang sa ating bansa kundi maging sa ibang bansa.

Handa ka na bang kilalanin sila?

Sige pero bago mo basahin ang kanilang talambuhay, iyo munang gawin ang ilan sa mga kailangang kahandaan at gawain.

Isang masayang pag-aaral sa iyo!

## *Ano ang matututunan mo?*

Inaasahang sa pamamagitan ng modyul na ito, maisasagawa mo ang mga sumusunod:

1. Nakikilala ang mga tiyak na katangian ng dalawang uri ng talambuhay
    a. pansarili
    b. talambuhay ng ibang tao

2. Nababatid ang mga katangiang dapat taglayin ng isang masining na talambuhay

3. Naipapakita ang pagiging malikhain sa pagsulat ng talambuhay bilang isang pasulat na komunikasyon

## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Tulad ng sinabi ko sa iyo kaibigan, maraming ihahandog na mga bagong kaalaman sa iyo ang modyul na ito. Magiging madali at matagumpay ang paggamit mo nito kung susundin mo ang mga tuntunin sa ibaba na magsisilbing gabay mo sa iyong pag-aaral. Basahin mo ang mga ito at unawaing mabuti.

1. Una sa lahat, ingatan mo ang modyul na ito. Huwag mo itong dudumihan at susulatan. Gumamit ka ng hiwalay na sagutan/sulatang papel para sa pagsagot sa mga pagsusulit.

2. Sagutin mo at huwag lalaktawan ang *Panimulang Pagsusulit*. Ito ang panimulang hakbang upang masukat at matiyak ang dati mo nang kaalaman sa paksang tatalakayin sa modyul na ito.

3. Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Iwasto mo ang iyong sagot. Maging matapat ka lamang sa pagwawasto, ha? Huwag kang mag-aalala kung mababa ang markang nakuha mo. May inihanda akong mga gawain at iba pang pagsasanay na tiyak na makatutulong sa iyo.

4. Basahin at unawain mong mabuti ang mga teksto bago mo sagutin ang mga gawaing kaugnay nito. Unawain mo ring mabuti ang mga panuto dahil malaki ang maitutulong nito upang maging madali sa iyo ang pagsagot sa mga gawain.


5. Sagutin mo agad ang *Pangwakas na Pagsusulit* upang matiyak mo kung natutunan mo ang aralin, kunin mong muli ang susi sa pagwawasto sa iyong guro. Muli, maging matapat ka sa pagwawasto.

6. Bigyang-halaga mo sana ang modyul na ito, kaibigan. Sikapin mong sagutin ang mga gawaing inihanda ko katulad ng pagsisikap kong matulungan kang matuto.

7. Kung may malabong panuto o anumang bahagi ng modyul, magtanong sa iyong guro o kung sinumang may ganap na kaalaman.

8. Itala ang mahahalagang impormasyon at kaisipan sa isang hiwalay na kuwaderno. Makatutulong ito upang madali mong mababalikan ang mga liksyon.

Maraming salamat kaibigan!



## Ano na ba ang alam mo?

Pero bago mo simulan ang mga gawain sa modyul na ito, gusto ko munang alamin ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng pang-unang pagsusulit. Huwag kang mag-alala kung mababa man ang iyong makuha. Ang layunin ko lamang ay masukat ang iyong kaalaman sa mga araling iyong kakaharapin sa modyul na ito. Kaya't maging matapat ka sana sa iyong pagsagot.

Maaari ka nang magsimula.

Panuto: Basahin ang mga sumusunod na pagbibigay-kahulugan. Piliin sa kahon ang letra ng salitang tumutukoy sa bawat isa. Isulat sa hiwalay na papel ang iyong sagot.

1. Tumatalakay ito sa kasaysayan o kuwento ng buhay ng isang tao.

2. Dalawang salitang pinanggalingan ng salitang *talambuhay.*

3. Talambuhay ng ibang tao

4. Talambuhay na pansarili

5. Nagsisilbi itong pagtnubay sa pagsulat ng talambuhay. Ito ay ang pagkakasunud-sunod ng mga detalye o kaisipan.

6. Ito ay ang nagpapayaman at tumutulong upang maging makatotohanan ang isang talambuhay.

7. Ito ay isang hakbang upang makakuha ng mga impormasyon ukol sa isang taong nais gawan ng talambuhay kung siya ay nabubuhay pa.

8. Katumbas ng salitang *talambuhay* sa Ingles.

9. Isang paraan ito upang mapakinis o mapaganda ang isinusulat na talambuhay. Kasama dito ang pagwawasto ng mga gamit ng salita at iba pa.

10. Ito ay produkto ng malikhaing-isip ng tao na kanyang ginagamit sa pagpapahayag ng kanyang kaisipan o damdamin.

| | |
|---|---|
| tala at buhay | talambuhay |
| *biography* | interbyu |
| *autobiography* | sining |
| impormasyon | balangkas |
| detalye | pormularyo |
| *tape recorder* | rebisyon |

## *Mga Gawain sa Pagkatuto*

### Sub-Aralin 1:
### Pagkilala sa Tiyak na Katangian ng Dalawang Uri ng Talambuhay: Pansarili at Talambuhay ng Ibang Tao

**Layunin**

Pagkatapos ng sub-aralin na ito, magagawa mo ang sumusunod:

1. nakikilala ang mga tiyak na katangian ng dalawang uri ng talambuhay
    a. pansarili
    b. talambuhay ng ibang tao


2. napahahalagahan ang naiambag ng mga bayani sa kasaysayan
3. 
4. nakagagawa ng balangkas batay sa tekstong binasa

**Alamin**

Likas na makabayan ang mga Pilipino.  Patunay dito ang mga bayaning nag-alay ng kanilang sariling buhay upang makamit lamang ang minimithing kalayaan.

Ikaw?  Sino ang iyong iniidolong bayani ng ating bansa? Bakit mo siya naging idolo?   Anu-anong mga katangian niya ang iyong lubos na hinahangaan?  Bakit?  Anu-ano ang kanyang mga nagawa para sa bayan?

Sa araling ito, iyong makikilala si Marcelo H. del Pilar.  Alamin mo ang tungkol sa kanya. Isang makabuluhang pagbabasa at pag-aaral!



MARCELO H. DEL PILAR

*"Ipagtanggol mo ang matuwid at huwag mong alalahanin ang pananalo o ang pagkatalo."*

Si Marcelo H. del Pilar ay ipinanganak noong ika-30 ng Agosto ng 1850 sa Kupang, Bulakan, Bulakan.  Siya ang bunso sa sampung magkakapatid na anak ni Don Julian H. del Pilar at Donya Blasa Gatmaitan.  Nag-aaral siya hanggang magtapos sa pagkamananangol.

Kilalang-kilala siya bilang si Plaridel isang matalentong tao, marunong tumugtog ng piyano, biyolin at *flute*. Mahusay din siya sa larong fencing. Kumakanta siya ng mga serenata at tumutugtog ng magagandang awitin sa biyolin tuwing Flores de Mayo.

Nais ni del Pilar ang pagtatatag ng mga paaralan upang ang masasamang bunga ng kamangmangan ay maputol, kung hindi man lubusang mapawi.

Ipinalagay ng mga Kastila na si del Pilar ay kalaban ng Espanya dahil sa kanyang mga hinihinging ito kaya't tinangkang siya ay ipahuli at ipapiit.  Ang mga kamag-anak ni del Pilar na madaling nakaalam ng balak na pagpapahuli ay dali-daling humikayat sa kanya na umalis at iligtas ang kanyang buhay.

Dahil sa paliwanag na ito, si del Pilar ay umalis ng Bulakan isang gabi. Tumungo siya sa Maynila at nanuluyan sa bahay ng isang kaibigan. Matapos ang mga ilang araw na paninirahan sa Maynila, lumulan siya sa unang bapor na patungong Espanya. Mabigat sa kanyang loob ang lumisan. Hindi niya halos matitigan ang pasigan ng kanyang bayang lilisanin ngunit palibhasa'y lalaki at may pagmamahal sa bayan, ang lahat ay tiniis at binata ang lungkot ng paglayo.

Sa Espanya ay pinangasiwaan ni del Pilar ang pahayagang La Solidaridad. Sa pahayagang ito ay nakuha niyang maipakilala sa España ang mga Pilipino at ang lunggati ng bayang Pilipinas. Isiniwalat niya ang hindi mabuting ginagawa ng mga taong dito ay ipinadala upang mamuno at dahil dito'y hiningi niyang ang ipadala rito'y mga tunay na ginoo na marunong dumama sa tunay na damdaming bayan.

Si del Pilar ay naghirap at namulubi. Ang kanyang mga kababayan ay hindi makapagpadala sa kanya ng abuloy ibigin mang gawin ang gayon, sapagkat lubhang napakahirap magpadala ng tulong sa mga kababayang nasa malayong España. Paniniwalaan ba ninyong halos wala siyang maibili ng pagkain? Gayon ma'y tiniis niya ang lahat sa pag-asang kaalakbay ng kanyang mga hirap ang pagsikat ng araw ng tagumpay at ang kanyang bayan ay mapadadalhan ng mga taong katugon ng ating damdamin.

Si del Pilar ay katulad ni Bonifacio sa paniniwala. Ibig niya ang maghimagsik, ngunit si Dr. Rizal ay kalaban sa ganitong balak. Si Rizal ay naniniwalang hindi pa handa ang bayan sa isang himagsikan.

Nang umabot sa kaalaman ni del Pilar ang balitang pagbangon ng kanyang bayan sa pamumuno ni Bonifacio, tinangka niya ang umuwi sa Pilipinas upang tumulong kay Bonifacio.

Datapwat ang kanyang balak na pagbabalik sa tinubuang lupa ay nabigo. Sa Barcelona ay dinapuan siya ng sakit na kanyang ikinamatay, nang hindi man lang nakita ang kanyang mga anak at asawang minamahal. Pumanaw siya noong ika-4 ng Hulyo 1896 sa Barcelona, España sa sakit na tuberkulosis. Ngunit nagpatuloy na mabuhay ang kanyang kabayanihan sa puso ng mga Pilipino at ng bayang kanyang iniibig.

Ang iyong binasang teksto ay isang talambuhay. Anu-ano ang napansin mong pagkakaiba nito sa ibang sulatin? Marami, hindi ba?

Isa na rito ay ang totoong pagsasalaysay nito tungkol sa buhay ng isang tao.

Subukin mong sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Kailan at saan ipinanganak si Marcelo H. del Pilar?
2. Sino ang kanyang mga magulang?
3. Anu-ano ang natatanging talento ni del Pilar?
4. Bakit nagpunta si del Pilar sa Barcelona?
5. Kailan pumanaw si del Pilar?

Kung ang iyong sagot ay ang mga sumusunod, ay tama ka. Kung hindi, balikan mo ang teksto.

- Agosto 30,1850
- Don Julian H. del Pilar at Donya Blasa Gatmaitan
- Marunong tumugtog ng piyano, biyolin at *flute* si del Pilar. Mahusay din siya sa larong *fencing*. Kumakanta siya ng mga serenata at tumutugtog ng magagandang awitin sa biyolin tuwing Flores de Mayo.
- Dahil ipinalagay ng mga Kastila na si del Pilar ay kalaban ng Espanya.
- Hulyo 4, 1896

Anong mga impormasyon ang ibinigay sa bawat bilang? Edad, mga magulang, mga talento, gawain, pagkamatay, di ba?

Ang mga impormasyon na iyong isinagot ay mga detalyeng mahalagang maisama sa pagsulat ng isang talambuhay. Ito ay ilan lamang sa mga impormasyon o detalye tungkol sa isang tao na maaaring maisama sa pagsulat ng isang talambuhay. Makatutulong ito upang makilalang mabuti ng mambabasa ang pagkatao, pag-uugali, paniniwala o prinsipyo ng isang taong ginawan ng talambuhay.

Ano pang mga impormasyon ang pwedeng isama?

Kung ang iyong iniisip ay ang mga sumusunod ay tama ka.

- Pangarap sa buhay, pamilya at bansa
- Paniniwala o pilosopiya sa buhay

- Mga karanasang di malilimutan

Ito ay mga detalyeng lalong magpapatingkad sa buhay ng isang taong gagawan ng talambuhay.

Batay sa ating ginawang unang pagtalakay, masasabi mo na ba ang kahulugan ng talambuhay?

Ano nga ba ang talambuhay?

Ang talambuhay ay kuwento o kasaysayan ng buhay ng isang taong pinapaksa.

Ang salitang talambuhay ay galing sa dalawang salitang *tala* at *buhay*, kung kaya nauukol sa kasaysayan ng isang tao. Ito ay ang ating panumbas sa salitang ingles na *biography*. Ang pagsasalaysay tungkol sa taong pinapaksa ay puwedeng isagawa ng ibang tao o kaya'y ng may katawan na rin.

May dalawang uri ng talambuhay: talambuhay ng ibang tao at talambuhay na pansarili.

Anong uri ng talambuhay ang iyong binasa?

Tama ka! Ito ay talambuhay ng ibang tao (*biography*) dahil kasaysayan o kuwento ito ng buhay, pangarap, mithiin at karanasan ng isang tao na isinulat ng iba. Tulad ng pansariling talambuhay, ito ay nagbibigay rin ng mga impormasyon ukol sa tao, di malilimutang bahagi ng kanyang buhay, mga plano, mithiin, karanasan (kung ang taong ito ay nabubuhay pa) o sa panahon ng kanyang kamatayan.

Tukuyin sa binasang talambuhay ni del Pilar ang mga sumusunod:

Mithiin

Karanasan

Di malilimutang bahagi ng buhay

Kung ang iyong sagot ay kahawig ng mga sumusunod, ay tama ka:

- Mithiin ni del Pilar ang pagtatatag ng mga paaralan upang ang masasamang bunga ng kamangmangan ay maputol, kung hindi man lubusang mapawi.

- Sa kanyang paglisan, mabigat ang loob ni del Pilar. Hindi niya halos matitigan ang pasigan ng kanyang bayan ngunit tiniis at binata niya ang lungkot ng paglayo.

- Si del Pilar ay nagdalita, naghirap at namulubi sa Barcelona.

Ang mga impormasyong ito tungkol sa buhay ay makatutulong upang maging mas makatotohanan ang isang talambuhay. Mas magkakaroon ng kurot sa mambabasa kung babanggitin ang mga karanasang tunay na naiiba o natatangi ng pinapaksang tao. Mga karanasang kapupulutan ng aral o inspirasyon sa buhay.

Ang ikawalang uri ng talambuhay ay tinatawag na talambuhay na pansarili (*autobiography*). Ang awtor mismo ang sumulat ng kanyang sariling buhay, mga pangarap, hangarin at mga karanasang di malilimutan na maaaring masaya o may kalungkutan.

Anu-ano naman ang dapat taglayin ng talambuhay na pansarili?

Sagutin mo ang mga sumusunod batay sa iyong sariling karanasan at kaalaman:

Pangalan mo

Petsa at Lugar ng iyong Kapangakan

Pangalan ng iyong mga magulang

Pang-ilan sa inyong magkakapatid?

Mga pangarap at balak sa hinaharap.

Paniniwala ukol sa buhay?

Ang iyong mga tugon sa mga tanong ko ay mahalagang taglayin ng isang talambuhay na pansarili. Nauunawaan mo ba?

Ang mga sinabi mong detalye ay makatutulong upang maging malaman at may sinasabi ang iyong talambuhay.

Marahil ay gustong-gusto mo nang isulat ang iyong talambuhay, ano? Teka lang, hindi pa ito ang tamang panahon.

Kailangan mo munang pag-aralan ang paggawa ng balangkas o *outline*. Makatutulong ito sa iyo upang maging maayos ang daloy ng kaisipan ng iyong isusulat na pansariling talambuhay.

Ano nga ba ang balangkas?

Paano ito ginagawa?

Paano ito nakatutulong sa pagsulat ng talambuhay

Ang balangkas ay ang magsisilbi mong patnubay sa pagsulat mo ng talambuhay. Tulad ng isang bahay bago ito itayo, kailangan nito ang maayos na plano na susundan o babasahin ng arkitekto. Ganito rin ang gamit ng balangkas. Ito ang plano kung paano mo ilalahad ang mahahalagang impormasyon sa isang talambuhay. Makatutulong ito upang magkaroon ng kaisahan ang iyong isusulat na talumpati.

Pag-aralan mong mabuti ang halimbawa ng balangkas sa ibaba.

MARCELO H. DEL PILAR

I. Mahahalagang Impormasyon Tungkol kay del Pilar

   a. Petsa at Lugar ng Kapanganakan
   b. Mga Magulang
   c. Natatangi niyang mga Talento

II. Pangarap ni Del Pilar

   a. Pagtatayo ng Paaralan

III. Mga Pagsubok ni del Pilar

   a. Pagtugis sa kanya ng mga Kastila
   b. Paglisan niya ng Pilipinas

IV. Mga Karanasan ni del Pilar sa Barcelona

   a. Pangangasiwa niya sa *La Solidaridad*
   b. Paghihirap ni del Pilar sa Barcelona

V. Si del Pilar sa Panahon ng Rebolusyon

   a. Pagkakasundo ni del Pilar at Bonifacio Ukol sa Himagdikan
   b. Pagnanais na Umuwi ni del Pilar

VI. Huling Bahagi ng Buhay ni del Pilar

   a. Petsa at Lugar ng kanyang Kamatayan

Ano ang iyong mga napansin sa ipinakita kong balangkas?

Hindi ba't kung ano ang pagkakasunud-sunod nito ay ganoon din sa binasa mong talambuhay? Ang balangkas na ipinakita ko ay parang buto o kalansay lamang, iyo itong lalagyan ng laman sa proseso ng iyong pagsulat. Dahil sa balangkas na ito, makatatayo bilang isang maayos na talambuhay ang iyong akda.

Ngayon, sa palagay ko'y sapat na ang iyong kaalaman upang masagutan ang mga susunod na gawain. Ngunit kung sa palagay mo ay hindi ka pa handa, maaari mong balikang muli at basahin ang aking mga sinabi sa unahan bago mo sagutan ang mga gawain.

Hindi naman tayo nagmamadali.

**Linangin**

Narito ang isang talambuhay tungkol sa akin na isinulat ko mismo. Basahin mo itong mabuti at gawan ng balangkas pagkatapos.

**MUNTING PANGARAP**

Nagsimula lamang ang lahat bilang munting pangarap. Nais kong makatapos ng pag-aaral at magkaroon ng isang magandang trabaho.

Ako si Genaro R. Gojo Cruz. Ako ay ipinanganak at lumaki sa San Jose del Monte, Bulacan noong ika-16 ng Disyembre 1976. Bunso sa siyam na magkakapatid. Ang aking mga magulang ay sina Dominga Ruiz at Thomas Gojo Cruz na kapwa namayapa na.

Mahirap ang aming pamilya, kung kaya ang aking mga kapatid at maging ako ay namulat sa mga gawain at maagang pagtatrabaho. Natatandaan ko, lagi akong umaakyat sa mga puno noon upang manguha ng mga bungang-kahoy, tulad ng santol, mangga, sinigwelas, sampalok, at iba pa na maaaring pagkakitaan at ipagbili. Hindi ko na hinihingi sa aking mga magulang ang aking ibinabaon sa eswkelahan. Ayokong maging pabigat sa kanila.

Sa eskwelahan, sinisikap kong maging mahusay. Bagamat hindi ako matalino, nagtitiyaga akong matuto. Ito ang natutunan ko sa aking Tatay, na kailangang magsikap at magtiyaga upang magtagumpay. Nakatapos ako ng hayskul dahil sa sarili kong pagsisikap at pagtitiyaga. Alam kong tuwang-tuwa rin si Nanay nang ako'y nakatapos. Siya ang nagsabit sa akin ng parangal bilang pinakamasipag na mag-aaral.

Sa kolehiyo, panibagong hamon ang aking hinarap. Hindi na ito biro dahil kailangan kong mag-Maynila upang mag-aral. Matinding pagtitipid ang aking ginawa. Pero sa tulong ng aking mga kapatid at ng mga taong handang tumulong at mga kaibigang nakauunawa sa aking kalagayan, matagumpay rin akong nakatapos ng aking pag-aaral sa Kolehiyo. Nagtapos ako ng pagkaguro sa Pamantasang Normal ng Pilipinas.

Sa aking pag-aaral sa kolehiyo, natuklasan ko ang isang talento na magiging dahilan pala upang ako'y makilala – ang pagsusulat. Ginamit ko ang aking mga sariling karanasan sa buhay sa aking pagsusulat. Mahilig akong magsulat ng tula at maikling-kuwentong pambata. Sa katunayan, ang kuwento kong "Ang Lumang Aparador" ay nagwagi ng unang gantimpala sa 2002 Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literture. Isang karangalan itong tunay kong ipinagmamalaki.

Sa kasalukuyan, ako ay nagtuturo sa Pamantasang De La Salle – Maynila at Pamantasang Normal ng Pilipinas.

Ngayon sa tuwing maiisip ko ang aking mga pinagdaanan sa buhay, lagi akong nangingiti at nagpapasalamat dahil lalo akong naging matatag. Siyempre, naaalala ko rin ang aking mga kapatid at mga kaibigang tumulong upang ako ay magtagumpay.

Sa mga karanasan ko, napatunayan kong lahat ng tagumpay sa buhay ay nasisimula sa munting pangarap lamang.

Nagustuhan mo ba ang talambuhay na iyong binasa?

Ano ang iyong masasabi sa buhay ng awtor?

Anong aral ang iyong natutunan?

Marahil, masasabi mong madrama ang buhay ng sumulat o punung-puno ng kulay. Natutunan mong sa pamamagitan ng pagsisikap, makakamit ang mga pangarap.

Anong uri ng talambuhay ang iyong binasa?

Tama! Ito ay pansariling talambuhay o *autobiography* sa ingles. Isinulat mismo ng awtor ang kanyang talambuhay. Anu-anong impormasyon ang isinama ng awtor sa kanyang talambuhay?

Ito ay ang mga sumusunod:

Tungkol sa kanyang sarili at pamilya

Pag-aaral niya sa elementari at hayskul

Pag-aaral niya sa kolehiyo

Ang kanyang talento

Kasalukuyan

Paniniwala sa buhay

Ngayon, handa ka na bang gumawa ng balangkas ng talambuhay na iyong binasa? Kung handa ka na, kumuha ka ng isang buong papel at simulan ang iyong balangkas. Ngunit kung hindi ka pa handa, maaari ka munang saglit na magpahinga.

Kung ang balangkas na ginawa mo ay kahawig o hindi nalalayo sa aking balangkas sa ibaba, ay binabati kita!

MUNTING PANGARAP

I. Panimula

II. Mga Personal na Impormasyon

a. Pangalan
b. Petsa at Lugar na Kapanganakan
c. Bilang ng Magkakapatid
d. Mga Magulang

III. Pamilya

a. Mahirap na Pamilya
b. Maagang Pagtatrabaho

IV. Eskwelahan

a. Pagsisikap na Maging Mahusay
b. Pagtatamo ng Karangalan

V. Buhay Kolehiyo

a. Panibagong Hamon
b. Pagtulong ng mga Kapatid at Kaibigan

VI. Pagtuklas sa Talento

a. Pagsulat
b. Parangal na Nakamit

VII. Kasalukuyan

VIII. Wakas

Ano ang iyong napansin sa balangkas?  Ano ang nadagdag?
Tama!  Nagkaroon ng panimula at wakas.

Sa pagsulat mo ng talambuhay ng ibang tao o maging ng iyong sariling talambuhay, nakadaragdag sa kasiningan nito kung magbibigay ka ng panimula o ng maikling introduksyon. Nakatutulong ito upang maihanda ang mambabasa at hindi sila mabigla.  Mahalaga rin ang pagkakaroon ng wakas dahil nakatutulong ito upang may maiwan at tumatak sa isipan ng mambabasa.

**Gamitin**

Mula sa binasa mong talambuhay sa LINANGIN, itala ang mahahalagang datos na binanggit ng awtor tungkol sa kanya.  Sundan ang format sa ibaba.

Pangalan : ______________________________

Petsa at Lugar ng Kapanganakan: ______________________________

Mga Magulang : ______________________________

Pang-ilan sa Magkakapatid : ______________________________

Pagpapakilala sa Sarili ng Awtor

a. Pamilya ______________________________
______________________________
______________________________

b. Eskwelahan ______________________________
______________________________
______________________________

c. Talento/
Parangal ______________________________
______________________________

d. Kasalukuyan ______________________________
______________________________

Ngayong napunan mo na ng mahahalagang datos ang pormularyo, tiyak na alam mo na ang mahahalagang dapat lamanin ng isang talambuhay. Ito ang pangkaraniwang mga mga datos o impormasyon na isinasama sa pagsulat ng talambuhay.

Handa ka na bang isulat ang iyong sariling talambuhay?

May inihanda akong gawain sa iyo sa SUBUKIN. Mahalagang gawin mo muna ito.

Sana'y magtagumpay ka sa iyong mga gagawin!

**Lagumin**

Sa sub-araling ito, iyong nakikilala ang mga tiyak na katangian ng dalawang uri ng talambuhay: talambuhay ng ibang tao at pansarili.

Ang talambuhay ng ibang tao (*biography*) ay nagsasalaysay tungkol sa buhay, pangarap, mithiin at karanasan ng isang tao na isinulat ng iba.

Ang talambuhay na pansarili (*autobiography*) naman ay nagsasalaysay ngunit ang awtor mismo ang sumulat ng kanyang sariling buhay, mga pangarap, hangarin at mga karanasang di malilimutan na maaaring masaya o may kalungkutan.

Ang dalawang uri na ito ng talambuhay ay nagbibigay rin ng mga impormasyon ukol sa tao, di malilimutang bahagi ng buhay, mga plano at pangarap, mithiin, karanasan (kung ang taong ito ay nabubuhay pa.)

Sa pamamagitan din ng sub-araling ito, iyong nalaman ang kahalagahan ng balangkas o *outline* bilang pasimulang hakbang sa pagsulat ng talambuhay. Ang balangkas ang nagsisilbing patnubay ng awtor upang magkaroon ng kaisahan ang kanyang akda.

Higit sa lahat, iyong nakilala nang lubusan ang kinikilala nating bayani, si Marcelo H. del Pilar. Iyong nalaman ang kanyang mga naiambag sa pagkakamit ng ating kalayaan. Ang kanyang buhay ay tiyak na magiging inspirasyon sa iyo.

Ngayon, handa ka na bang isulat ang iyong sariling talambuhay?

Alam kong hindi madaling gawin ito dahil ang pagsulat ng sariling talambuhay ay magbubukas ng ating sarili sa ibang tao. Pero kung iisipin nating mabuti, dapat hangaan ang mga taong naglakas-loob na isalaysay ang tungkol sa kanila. Nais nilang ibahagi at makapagdulot ng mabubuting aral sa buhay ng ibang tao.

Aalalayan kita sa iyong pagsusulat. May mga inihanda akong gawain sa SUBUKIN na makatutulong sa iyo sa pagsulat ng talambuhay.

Tiyak na may mga kasama ka na nasasabik na mabasa ang tungkol sa iyo.

**Subukin**

Panuto: Punan ng mga impormasyon tungkol sa iyo ang balangkas sa ibaba. Isulat sa hiwalay na papel ang iyong mga tugon ayon sa balangkas na aking inihanda para sa iyo. Sikapin mo sanang maging matapat sa iyong mga tugon. Kung may mga bahagi ng balangkas na hindi mo mapupunan, ayos lang. Kung mayroon naman akong nakaligtaang isama na mahalaga para sa iyo, isama mo na rin.

I. Ang Mga Tungkol sa Akin

a. Petsa at Lugar ng aking Kapanganakan
b. Pangalan ng aking mga Magulang
c. Ang Aking mga Talento

II. Ako sa Paaralan

a. Paborito Kong Guro at Sabjek
b. Ang Aking Mga Kaibigan
c. Mga Natamong Karangalan/Pagkilala

III. Ang Aking Mga Pangarap

a. Sa Sarili
b. Sa Pamilya
c. Sa Bansa

IV. Ang Aking Mga Pananaw/Paniniwala

a. Sa Buhay
b. Sa Diyos

V. Ang Aking mga Plano sa Hinaharap

a. Pag-aaral
b. Bilang Pilipino

Kung nagawa mo na ang mga hinihingi ng balangkas na ito. Maaari mo nang simulan ang pagsulat ng iyong talambuhay.

Pagkatapos mo itong maisulat, ipabasa mo ito sa iyong kaklase. Itala mo ang kanyang mga puna at mungkahi tungkol sa iyong talambuhay. Gamitin mo ito sa parerevays ng iyong sulatin. Pagkatapos, ibigay mo sa iyong guro para mapahalagahan ang inyong isinulat.

**Paunlarin**

Panuto: Gamit ang iyong ginawang balangkas, isulat mo na ang iyong talambuhay sa isa pang hiwalay na papel. Ang balangkas na iyong ginawa sa LINANGIN ang iyo ngayong magsisilbing patnubay sa pagsulat mo ng iyong talambuhay. Gawin pa ang mga sumusunod na hakbang:

1. Huwag ka ring masyadong magpakulong sa balangkas. Maaaring sa proseso ng iyong pagsulat ay mayroon kang maisip na magandang maidagdag sa iyong talambuhay na sa palagay mo ay ikakaganda ng iyong akda.

2. Sikaping maging simple o payak ang mga salitang gagamitin dahil nakatutulong ito upang maging kawili-wiling basahin ang iyong akda.

3. Huwag mong gamitin ang mga salitang hindi mo alam gamitin dahil makagugulo lamang ito sa kabuuan ng iyong talambuhay.

4. Mag-isip ng magandang pamagat sa iyong sariling talambuhay.

5. Pagkatapos mong maisulat ang iyong talambuhay, ipabasa ito sa iba at hilingin ang kanilang komento sa iyong akda. Pagkatapos, maaari mong gamitin ang mga ito sa pagsulat mo ng *final draft* ng iyong akda.

## SUB-ARALIN 2:
## Katangiang Dapat Taglayin ng Isang Masining na Talambuhay

**Layunin**

Pagkatapos ng sub-aralin na ito, inaasahang magagawa mo ang sumusunod:

1. nakababatid ang mga katangiang dapat taglayin ng isang masining na talambuhay.
2. nabibigyang-halaga ang sining bilang lunsaran ng kulturang Pilipino.
3. nakasusulat ng talambuhay ng ibang tao.

**Alamin**

Tunay na malikhain ang mga Pilipino. Mababakas ito sa mga likhang sining na kanilang nilikha. Di na mabibilang ang mga Pilipinong nabigyan ng pagkilala at parangal dahil sa natatangi nilang ambag sa sining tulad ng panitikan, iskultura, pagguhit, pag-awit, pagsayaw at iba pa. Sa mga sining na ito masasalamin ang kultura nating mga Pilipino. Dahil sa mga likhang-sining nagiging malinaw ang kaibahan natin sa ibang lahi sa mundo. Nakikilala natin ang ating mga sarili bilang Pilipino.

Ano nga ba ang pagkakaiba ng ating sining sa sining na likha ng ibang lahi? Paano naiiba ang mga Pilipino sa paglikha? Tiyak na marami kang nakikitang pagkakaiba natin. Patunay lamang na nagkakaiba ang sining dahil nagkakaiba ng kultura ang mga tao.

Sino pang alagad ng sining ang iyo nang kilala? Paano mo siya nakilala? Anu-ano ang mga nalalaman mo tungkol sa kanya? Paano nakatulong ang pagbasa mo ng kanyang talambuhay sa pagpapahalaga mo sa sining?

Sa sub-araling ito, makilala mo si Napoleon Abueva, isang kinikilalang iskultor ng ating bansa. Tukuyin mo ang kanyang pagkakaiba sa ibang iskultor kung kaya't itinuturing na natatangi ang kanyang mga likhang-sining. Kung bakit ibang-iba ang kanyang istilo? At kung saan niya hinuhugot ang kagalingang ito?

Tulad ng binabanggit kong sining, ang isang talambuhay ay kailangan din magtaglay din ng kasiningan.

Isang masayang pag-aaral sa iyo kaibigan!



*"Hard work isn't enough. The death of my parents maybe. Eventually, I translate emotions and transform these into pieces of wood, marble, clay, and so on."*

\- *Napoleon Abueva*

**NAPOLEON ABUEVA, BATO AT SENTIMIENTO**
ni Ces Rodriguez

Ding! Ang Bato! Hindi 'yung nilululon ni Ate Narda para maging superhero, ha, kundi isang blokeng marmol o adobe, o puwede rin namang semento. Basta't maihuhubog ng *National Artist for Sculpture* na si Napoleon Abueva, kahit na anong klaseng bato, handa niyang bakbakin para gawing obra.

Sa katunayan, sa marmol niya hinubog ang 1953 iskultura niyang *Kaganapan* at ang *Mother and Child* noong 1987. Adobe naman ang ginamit niya para sa iskultura niyang *Torso* noong 1972, at sa mahigit na sampung *works of art* niya, simpleng semento lang ang gamit niya.

Payak o simple lang ang mga trabaho ni Abueva. Malayung-malayo ang istilo niya sa titser niyang si Guillermo Tolentino, ang kauna-unahang *National Artist for Sculpture* na kilalang gumawa ng *Oblation* ng Unibersidad ng Pilipinas (UP) at ng tintawag na monumento na matatagpuan SA Monumento sa Caloocan.

Kung tradisyonal si Tolentino, moderno naman si Abueva. Kilala siya bilang *Father of Modern Philippine Sculpture*. Kung hindi man *true-to-life* ang *rendition* ng kanyang mga iskultura, matalinghaga at kawili-wili namang pagmasdan ang linis ng mga hubog nito.

Maliban sa bato, umuukit din si Abueva sa kahoy na katulad ng molave at nara, tanso, bakal, salamin at kung-anu-ano pa. Minsan, pinaghahalo-halo rin niya ang mga materyales, isang istilo na una rinG hinangaan sa kanya.

Ipinanganak si Napoleon Abueva noong Enero 26, 1930 sa Tagbilaran, Bohol. Noong bata pa siya, gumagawa na siya ng mga hugis ng hayop sa putik. Ang paborito niyang hayop na hubugin ay ang kalabaw.

Bigatin ang pamilya ni Abueva. Isang Kongresista ang kanyang tatay at presidente naman ng *Women's Auxiliary Service* ang kanyang nanay. Ngunit isang kagimbal-gimbal na karanasan ang sinapit ng kanyang pamilya noong panahon ng Hapon. Siya at ang kanyang kuya, ay napilitang pakinggan ang mga daing at paghihirap ng kanilang mga magulang sa kamay ng mga Kempati o ng *Japanese Military Police*. Pagkatapos nito, siya at ang kuya niya mismo ang naghanap ng bangkay ng kanilang mga magulang sa isang lugar na pinagtambakan ng mga taong pinatay ng malulupit na Hapon.

"Masakit," ani Abueva sa isang interbyu. "*As an artist*, naiba ang pananaw ko sa buhay dahil sa mga karanasan ko. Naghanap ako ng bagong paraan para i-*express* ang mga ideya ko *as a way of dealing with the pain*."

Umikot lang kayo sa Maynila, makikita na ang kanyang mga obra. Ilan lamang ang *Transfiguration* sa *Eternal Gardens Memorial Park*, ang *Sunburst* sa kisame ng *lobby* ng *Manila Peninsula Hotel*, at ang *Nine Muses* sa harap ng *UP Faculty Center*. Matatagpuan din ang kanyang obra sa *UN Headquarters* sa New York, at sa *National Museum* sa Singapore.

Pagkatapos nito, lalo pang kinilala si Abueva sa larangan ng iskultura. Tuluy-tuloy ang pagtanggap niya ng mga karangalan at paglikha niya ng mga obra. Naging Dekano siya ng *College of Fine Arts* sa UP at noong 1976, sa edad na 46, siya ang pinakabatang pinarangalan bilang Pambansang Alagad ng Sining o National Artist.

Sa kasalukuyan, sa edad na 74, patuloy pa rin si Abueva sa paglikha ng mga natatanging iskultura. Isa sa mga bago niyang dinisenyo ay ang *Burol*, ang *trophy* na ibinigay sa nakaraang Cinemanila Film Festival na ginanap sa Makati noong Hulyo 2004.

Kaya, Ding, bato man 'yan o kahoy, bakal man o semento, isang bagay ang malinaw: importante ang mga ito para kay Napoleon Abueva.

Narito ang isang halimbawa ng likhang sining ni Napoleon Abueva.

**Torso**
1972, Volcanic Stone
60 x 425 cm
National Museum Collections

(*Pinagkunan: Tipong Pinoy, Vol. 1, No.3, p.3*)



Pagmasdan mong mabuti ang mga larawan sa ibaba.


Ano ang nakikita mong pagkakahawig ng mga larawan?

Ano ang tawag sa mga ipinakikita ng mga larawan?









Tama ka!  Sayaw, pagpinta, iskultura at musika.  Lahat ito ay itinuturing na sining.

Ano nga ba ang sining?

Paano malalaman na ang isang bagay ay likhang-sining?

Maraming maaaring ipakahulugan sa salitang sining.  Bawat tao ay may kanya-kanyang pagpapakahulugan dito.  Maaaring ang sining sa akin ay hindi sining para sa iba.  Ikaw?  Tiyak kong mayroon ka ring sariling kahulugan ng salitang sining.

Ang sining ay produkto ng malikhaing pag-iisip ng tao.  Ipinahahayag niya ang kanyang damdamin o kaisipan sa naiibang paraan.  Nasasabi niya ang kanyang nais ipahayag sa paraang naiiba at masining.

Tulad ng mga larawan sa itaas, bawat larangang ito ay itinuturing na sining.  Sa pamamagitan nito, nakalilikha ang tao ng mabubuting bagay na nakapagbibigay-lugod at saya sa ibang tao.  Nagagamit niya ang sining sa pagpapahayag ng kanyang damdamin sa paarang hindi ginagawa ng maraming tao.

Ang pagsulat ay isa ring uri ng sining. Sa pagsulat ng mga malikhaing akda tulad ng talambuhay, mahalagang magtaglay din ito ng kasiningan. Ngunit tandaan mong kailangang mangibabaw pa rin ang katotohanan ng akda sa pagtalakay sa buhay ng isang taong isusulat.

Halimbawa:

Alin sa dalawang pahayag ang masining?

1. Nagtipid siya sa Maynila.
2. Naghigpit siya ng sinturon sa Maynila.

Kung ang iyong pinili ay ang ikalawang bilang, tama ka. Mas nagtataglay ng kasiningan ang ikawalang pahayag kung kaya't magandang gamitin ito.

Isa pang halimbawa:

Bilugan ang pahayag na nagtataglay ng kasiningan.

1. Nagsunog siya ng kilay upang matuwa ang kanyang tatay.
2. Nag-aral siyang mabuti upang matuwa ang kanyang tatay.

Kung ang iyong binilugan ay ang ikalawang bilang, tama ka. Mas masining ang ikalawang pahayag dahil hindi nito direktang sinasabi ang gustong sabihin. Pinag-iisip nito ang mga mambabasa.

Ang kasiningan ng isang talambuhay ay hindi lamang maipapakita sa pamamagitan ng matatalinghagang pahayag, kundi sa kung paano ito nabuo.

Sa nagdaang sub-aralin ay napag-aralan mo na ang tungkol sa paggawa ng balangkas, hindi ba?

Maipapakita rin ang kasiningan ng talambuhay sa kung paano ito binuo ng awtor.

Halimbawa:

Maaari mong simulan ang iyong isusulat na talambuhay sa pamamagitan ng isang kawikaan tulad ng ng mga sumusunod:

*Ang taong tumatakbo nang matulin, kung matinik ay malalim.*

*Ang karukhaan ay hindi hadlang sa pagtatagumpay.*

Siguruhin mo lamang na ang kawikaan na iyong gagamitin ay may malaking kaugnayan sa taong isusulat mo ang talambuhay.

Maaari mo ring simulan ang talambuhay sa pamamagitan ng direktang pahayag ng mismong gagawan mo ng talambuhay o kaya'y ng isang kinikilala, tulad halimbawa:

> *"Maano kung tayo ay mamatay sa gitna o sa katapusan ng ating matinik na paglalakbay? Hindi tayo masisising kabataang hahalili sa tin. At sa halip nito ay mga luha ng pagmamahal at pasasalmat ang ididilig nila sa ating mga libingan."*
>
> *- Apolinario Mabini*

> *Ako'y isang pinoy sa puso't diwa*
> *Pinoy na isinilang sa ating bansa*
> *Ako'y hindi sanay sa wikang mga banyaga*
> *Ako'y pinoy na mayroong sariling wika.*
>
> *- Ako'y Pinoy, Florante*

O kaya'y isang bahagi ng balitang nabasa mo sa dyaryo:

> *Ilang araw na ang nakalilipas nang makahanap ang mga residente ng mga piraso ng ginto sa ilalim ng Felix Brigde sa Brgy. Del Monte sa balita ay dagling sumugod ang daan-daang mga residente sa ilog na tinatambakan ng basura.*
>
> - *Libre, Oktubre 5, 2004*

Ang paggamit ng mga ito sa simula ng talambuhay ay makatutulong upang maging masining ang isinusulat na talambuhay. Ngunit tandaan na kailangan itong may kinalaman o kaugnayan sa paksa at maging sa taong ginagawan ng talambuhay. Huwag din kalilimutang isama kung saan kinuha o kung sino ang nagsabi ng kinuhang pahayag.

**Linangin**

Basahing mabuti ang susunod na talambuhay na aking isinulat. Pag-aralan kung paano ko ito sinimulan at winakasan. Masasabi mo bang epektibo ang ganitong istilo sa pagsulat ng talambuhay? Bakit?

**Pangarap na Natupad**
ni Genaro R. Gojo Cruz

*"Nagbagong-hugis ang PNU nang magsimulang manungkulan si Dr. Nilo Rosas bilang pangulo. Nakipagpalagayang-loob muna siya sa mga guro, estudyante, kawani at staff. Mula sa pagbabagong-bihis ng pasilidad hanggang sa mga bagong proyektong pang-akademiko ay natatangi ang kanyang nagawa. Ang hindi ko malilimutan kay Sir ay ang pagdalaw niya sa mga retiradong propesor ng PNU na naging propesor niya. Nakatataba ng puso dahil sabi niya, kundi dahil sa mga propesor niya ay wala siya sa kinalalagyan niya ngayon."*

*Pat V. Villafuerte*

NAGSIMULA ang lahat sa isang pangarap. At ang mga pangarap na ito'y unti-unting natupad dahil sa ipinamalas niyang sipag at tiyaga sa pag-aaral, maging sa anumang tungkuling kanyang gampanan. Ito ang kuwento ni dating Education Undersecretary Nilo L. Rosas na ngayon ay presidente ng Philippine Normal University (PNU), isa sa mga pangunahing unibersidad sa Pilipinas na humuhubog ng mga magagaling na guro ng ating bansa.

Tubong Torrijos, Marinduque, si Dr. Rosas ay panganay sa pitong magkakapatid. Naniniwala si Dr. Rosas na ang pagkakaroon ng wastong edukasyon ang makapag-aahon sa kahirapan ng isang tao. Sabi niya, hindi niya gaanong na-enjoy ang kanyang buhay bata dahil wala siyang oras sa paglalaro. Ang kanyang oras ay ibinuhos niya sa pag-aaral at pagtulong sa kanyang mga magulang.

Kuwento ni Dr. Rosas, "Laki ako sa hirap. Grade 6 lang ang natapos ng nanay ko at ang tatay ko naman ay second year hayskul lang. Nagtitinda ng kakanin ang aking Nanay sa eskwelahan na pinapasukan ko at ang tatay ko ay janitor. Ang struggle ko sa buhay noon ang naging inspirasyon ko upang magsikap sa buhay."

Pangarap niya noon ang makatapos ng pag-aaral at bumalik sa Marinduque upang maging isang simpleng guro. Ngunit kailangan niyang maglagi sa Maynila at maghanap ng mabuting trabaho upang matulungan ang kanyang pamilya.

Nang makatapos siya, tinulungan niya ang kanyang mga magulang sa pamamagitan ng pagtulong sa pag-aaral ng kanyang mga kapatid. Ipinagmamalaki si Dr. Rosas ng kanyang mga kapatid dahil nakatapos din ang mga ito tulad niya. Hindi naman siya nabigo dahil ngayon ay may kapatid na siyang doktor, engineer, Board Member ng Marinduque at Director ng isang nursing service sa US.

Nagtapos si Dr. Nilo L. Rosas ng kursong BSE Education, magna cum laude sa Philippine Normal College (PNC). Bilang isang mag-aaral noon ng PNC, isa siyang aktibong lider at iskolar kung kaya't natanggap din niya ang Jose Rizal Leadership Award.

Pagkatapos niyang magretiro sa gobyeno noong June 2000, naging Visiting Scholar at Lecturer siya sa Department of International and Transcultural Studies at sa Department of Curriculum and Teaching sa Teachers College sa Columbia University sa New York. Dito niya natamo ang kanyang Ph. D. in Teacher Education.

Bilang ikawalong presidente ng PNU, nais ni Dr. Rosas na lalong iangat ang kalidad ng pagtuturo rito.

Ayon kay Mrs. Ibarra, appointment Secretary ni Dr. Rosas, "In general, mabait siya sa lahat ng bagay. Magalang ang pakikitungo niya sa bawat isa at napakasipag ni Sir."

Marahil, sasabihin mong epektibo ang simula at wakas ng talambuhay dahil sinimulan ito ng pahayag mula sa ibang tao ukol sa taong ginawan ng talambuhay. Ang mga pahayag ay nakatulong upang ganap na makilala ng mambabasa ang taong ginawan ng talambuhay.

Gawin ang mga susunod na gawain sa GAMITIN.

**Gamitin**

Isulat sa hiwalay na papel ang ginamit na panimula at pangwakas sa talambuhay na iyong binabasa. Magbigay ng maikling reaksyon ukol sa simula at wakas ng talambuhay. Nakatulong ba ang ganitong istilo upang maging masining ang talambuhay? Bakit?

Kung ikaw ang susulat na talambuhay na ito, anong salawikain/kasabihan sa ibaba ang iyong pipiliin gamitin:

1. Kung pukulin ka ng bato, tinapay ang iganti mo.
2. Hangga't makitid ang kumot, magtiis mamaluktot.
3. Tikatikatik man kung panay ang ulan, malalim mang ilog ay mapapaapaw.
4. Naghangad ng kagitna, isang salop ang nawala.
5. Ang bulsang laging mapagbigay, hindi nawawalan ng laman.
6. Ang nauuna ay nagsisisi, nagkukumamot ang nahuhuli.
7. Ang pagkakataon sa buhay ay madalang dumating. Kapag narito na, ating samantalahin.

Kung ang iyong itinugon ay ang mga bilang 2, 5, at 7, ay tama ka. Ang mga salawikain/kasabihan na ito ay may malaking kaugnayan sa talambuhay na iyong binasa. Kung gagamitin mo ang mga ito, makadaragdag ito ng kasiningan sa akda.

Alin naman ang gagamitin mong pangwakas ng talambuhay kung ikaw ang susulat nito. Pumili sa mga sumusunod:

1.
*Kasalanan bang*
*Humingi ako sa langit ng*
*Isang himala?*
*Pangarap ko'y*
*Liwanag ng umaga*
*Naglalambing*
*Sa iyong mga mata*
*- Himala, Rivermaya*

2.
*Marami ang tao at kakaunti ang pagkain. Ito ang malinaw na nakikita. Kung hindi na madadagdagan ang populasyon, maaaring wala nang gaanong magugutom. Kung ganoon, dapat na magkaroon nang masidhing kampanya ang pamahalaan para mapigil ang pagdami ng mga tao.*
- *Editoryal, Pilipino Star Ngayon 10/07/2004*

3.

*"Kailangan ko ang bawat Pilipino upang magkaisa, makiisa at isa-isang lunasan ang mga sugat ng kahapon. Kailangan ko ang bawat Pilipino upang lumakas ang sambayanan para sa mga hamon ng bukas."*

*- Pang. Gloria Macapagal-Arroyo*

Kung ang iyong napili ay ang bilang 3, ay tama ka. Ang ikatlong bilang ay may malaking kinalaman sa talambuhay na iyong binasa. Kung isasama mo ito bilang pangwakas ng talambuhay, masasabing ang kagalingan ng taong ginawan ng talambuhay ay pagsunod sa panagawan ng ating pangulo na kailangang tumupad ang mga Pilipino sa kani-kanilang tungkulin upang makayanang lagpasan ang mga hamon ng bukas. Ang taong ginawan ng talambuhay ay katuwang ng ating pamahalaan sa mga mabubuting misyon nito para sa sambayanan.

**Lagumin**

Sa sub-araling ito, iyong natutunan ang mga katangiang dapat taglayin ng isang masining na talambuhay. Tulad ng ibang uri ng sining, ay pagsulat ay isa ring sining dahil ginagamit ng awtor ang kanyang malikhaing isip upang maipahayag ang kanyang damdamin o kaisipan sa paraan hindi ginagawa o naiisip ng ibang karaniwang tao.

Iyo rin nalaman ang iba't ibang paraan kung paano maaaring simulan at wakasan ang isinusulat na talambuhay upang lalo itong magtaglay ng kasiningan. Maaaring mong simulan at wakasan ang isinusulat na talambuhay sa pamamagitan ng salawikain/kasabihan, ilang linya mula sa mga awitin, balitang nabasa, o magagandang sinabi ng ibang tao. Ngunit dapat lamang na siguruhin na may malaking maitutulong ang mga ito kung isasama sa talambuhay na isinusulat.

Ngayong may sapat ka ng kaalaman ukol sa pagsulat ng talambuhay, tiyak na makasusulat ka na ng talambuhay ng ibang tao. Ngunit bago mo gawin ito, may inihanda akong gawain para sa iyo. Ito ay unang hakbang na makatutulong sa iyo sa pagsulat ng talambuhay.

Gawin mo muna ang gawain sa SUBUKIN bago puntahan ang gawain sa PAUNLARIN. Ang gawain sa SUBUKIN ay makatutulong sa iyo upang magawa mo ang gawain sa PAUNLARIN.

**Subukin**

Panuto: Gayahin ang pormularyo sa ibaba at saka pasagutan sa iyong kaklase na gusto mong gawan ng talambuhay. Maaari mo ring dagdagan ang nasa pormularyo kung may mga detalye o impormasyong nais mo maisama sa iyong isusulat na talambuhay.

Pangalan : ______________________________

Petsa at Lugar ng Kapanganakan: ______________________________

Mga Magulang : ______________________________

Pang-ilan sa Magkakapatid : ______________________________

Pagpapakilala sa Sarili

a. Pamilya ______________________________

______________________________

______________________________

b. Eskwelahan ______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

c. Talento/ ______________________________

Parangal ______________________________

d. Mga ______________________________

Karanasang ______________________________

Di Malili- ______________________________

mutan ______________________________

e. Paniniwala ______________________________

sa Buhay ______________________________

Pagkatapos mong mapasagutan ang pormularyo sa iyong kaklase, simulan mo na ang pagsulat ng kanyang talambuhay sa isa pang hiwalay na papel. Siguraduhin mong tama ang mga detalye o impormasyon na kinopya mo mula sa pormularyo. Kung minsan kasi, dahil sa kawalan ng ingat ng awtor, nagkakaroon ng kamalian sa mga detalye o impormasyon tungkol sa taong ginagawan ng talambuhay. Kung kaya upang maiwasan ito, maging maingat. Kung may kalabuan ang sagot, tanungin mo muli ang iyong kaklase upang matiyak ang kawastuan nito.

Bukod dito, maaari kang pumili ng mga salawikain/kasabihan sa ibaba upang lalo mong mapaganda ang iyong isusulat na talambuhay. Siguruhin lamang na may kinalaman o kaugnayan ito sa iyong kaklase o sa kanyang buhay.

1. Aanhin mo ang palasyo kung ang nakatira ay kuwago; mabuti pa ang bahay kubo ang nakatira ay tao.

2. Ang karukhaan ay hindi hadlang sa pagtatagumpay.

3. Ang karunungan ay kayamanang walang taong makapagnanakaw.

4. Ang paala-ala ay mabisang gamot sa taong nakakalimot.

5. Ang mababa ay maganda, may dangal at puri pa.

6. Ang kalusugan ay kayamanan.

7. Ang taong nagigipit, kahit sa patalim ay kumakapit.

8. Kung pukulin ka ng bato, tinapay ang iganti mo.

Pagkatapos mong maisulat ang talambuhay, ipabasa ito sa iyong kaklase. Hingan siya ng mga komento ukol sa iyong akda. Kung mayroon siyang mga komento, ikonsidera mo ang mga ito sa susunod na pagsulat mo ng talambuhay. Makatutulong ito upang lalo mo pang mapakinis ang iyong kakayahan sa pagsulat.

Kung may oras pa, hilingin mo sa iyong guro na payagan kang basahin ang talambuhay na isinulat mo sa harap ng inyong klase.

Binabati kita sa iyong matagumpay na pagtupad sa mga kahilingan ng sub-aralin na ito.

Hanggang sa susunod na aralin.

Sub-Aralin 3:

# Pagiging Malikhain sa Pagsulat ng Talambuhay Bilang Isang Pasulat na Komunikasyon

**Layunin**

Pagkatapos ng sub-aralin na ito, inaasahang nagagawa mo ang sumusunod:

1. Nakapagpapakita ng pagiging malikhain sa pagsulat ng talambuhay bilang isang pasulat na komunikasyon.

2. Napahahalagahan ang mga ambag ng manunulat na Pilipino.

3. Nakapagsasagawa ng interbyu sa isang taong nais gawan ng talambuhay.

**Alamin**

Usong-usong ngayon ang mga programa sa telebisyon na tumatalakay sa tunay na buhay ng mga kilalang tao o personalidad. Halimbawa nito ay ang programang *Magpakailanman* ng GMA 7 at ang *Maalaala Mo Kaya* ng ABS-CBN. Linggu-linggo, iba't ibang tao ang kanilang ipinakikilala sa atin.

Patok na patok sa mga Pinoy ang mga ganitong palabas dahil sa pagtatangka nitong maipakita ang katotohanan at karanasan ng isang tao sa mga manonood. Kuhang-kuha ng mga palabas na ito ang interes ng mga manonood.

Maituturing ding isang talambuhay ang palabas na ito ngunit sa ibang paraan nga lamang sinabi o inilahad sa tao. Ito ay sa pamamagitan ng telebisyon. Ngunit anuman ang gamiting midyum sa pagpapakilala ng tao at ng kanyang buhay, iisa ang layunin nito, ang makapaglahad ng katotohanan at makapagbigay ng aral sa iba. Bagamat aminin ko sa iyong may mga taong handang magbayad, gawan lamang ng talambuhay upang mapaganda o mapabango sila sa madla kahit iba sa totoong buhay ang kanilang ginagawa.

Sa sub-aralin na ito, makikilala mo nang lubusan si Nick Joaquin, isang kinikilalang manunulat na Pilipino. Susulat ka rin ng talambuhay ng ibang tao mula sa labas ng iyong klasrum o eskwelahan.

Ngunit bago mo isagawa ito, tatalakayin muna natin ang mga hakbang sa pagsasagawa ng interbyu at paghahanda ng mga tanong.

Isa muling matagumpay na pag-aaral sa iyo!



**NICK JOAQUIN,**
**PAMBANSANG ALAGAD NG SINING**
ni Tony M. Maghirang

Bihira ang hindi nakakakilala kay Nick Joaquin, ang premyadong manunulat sa likod ng maiikling kuwentong *May Day Eve* at *Summer Solstice*, ng tanyag na dulang *"A Portrait of the Artist as Filipino"* at ang nobelang *"The Woman Who Had Two Navels"*.

Si Nick Joaquin ay ipinanganak sa Paco, Manila, noong May 4, 1947. Ang kanyang mga magulang ay sina Leocadio Joaquin, isang abogado at koronel ng Philippine Revolution at ang kanyang ina na si Salome Marquez, isang guro.

Panahon ng batas militar nang tanghaling *National Artist for Literature* si Nick Joaquin noong 1976 at tinaguriang siyang pinakamaimpluwensyang manunulat ng ika-20 siglo. Maigting noon ang sensorsyip kaya tinanggap na lamang niya ang parangal nang pagbigyan ang kanyang kahilingang palayain ang isang kaibigang manunulat. Kahit nasa awdyens ang makapangyarihang mga Marcoses, walang takot niyang tinuligsa sa kanyang pagtanggap na pananalita ang paniniil sa *freedom of expression*.

Nagsimulang magsulat si Joaquin ng mga tula, sanaysay at maikling kuwento taong 1934. Pagkatapos ng isang taon, ang una niyang obra ay lumabas sa *Tribune* habang nagtatrabaho bilang isang proofreader sa Taliba-Vanguardia-*Tribune nang panahong iyon. Nagsulat din siya ng mga maiikling kwento para sa Philippine Free Press* at *Herald: Midweek Magazine*. Pagkatapos ng digmaan, patuloy siyang nagsulat ng mga *investigative reports* sa *Philippines Free Press* sa pangalang mas kilala bilang *Quijano de Manila*.

Taong 1957, nanalo siya ng isang *fellowship grant* mula sa *Harper Publishing Company* at habang nasa Amerika siya, sinulat niya ang *award-winning* na "*The Woman Who had Two Navels*" na nanalo ng unang *Harry Stonehill Novel Award*.

Noong 1996, iginawad naman sa kanya ang *Ramon Magsaysay Award for Literature* bilang pagkilala sa 60 taon ng kanyang pagsulat ng mga sulating tumatalakay sa buhay ng mga Pilipino.

Dito makikita na hindi elitista ang pagtingin ni Nick Joaquin sa pang-araw-araw na panulat o pamamahayag. Siya nga mismo ay sumulat ng maiikling akda tungkol sa peronalidad na tinatangkilik ng mga tinatawag na bakya *crowd*, gaya nina Nora Aunor, Erap Estrada at iba pang artista na may malaking gampanin sa buhay ng pangkaraniwang-Pinoy.

Naging mamamahayag at editor siya ng Philippine Graphic nunit pinili niyang labanan ang pamunuan ng publikasyong ito at sumama sa piketlayn upang iprotesta ang mababang pasahod sa mga manggagawa.

Ilan lamang ito sa masasabing pagkakaiba ni Nick sa ibang manunulat. Hindi siya mahilig sa rangya at sa mga pangaral. Mas masaya siya kung ang kanyang mga kausap ay ang mga karaniwang tao, tulad ng mga piyon, *taxi drivers* at mga obrero. Masang-masa siya.

Kilala rin si Nick Joaquin sa kanyang pagkahilig sa pag-inom ng San Miguel Beer, isang katangian na hindi niya ikinahihiya.

Hindi maikakailang isa si Nick Joaquin sa pinakamagaling na manunulat ng bansa. Nasasalamin sa kanyang panulat ang pagmamahal niya sa Maynila ng kanyang kabataan. Lagi'y nasasaling niya ang mga temang may kaugnayan sa kontradiksyon: babae at lalake, katotohanan at imahinasyon, panitikan at lipunan, noon at ngayon.

May puwang pa kaya si Nick Joaquin sa kasalukuyang panahon? Ngayong usung-uso ang *internet*, *e-mail*, *chat*, at *text*, at kakaunti na lamang ang gustong magbasa. Mas gusto ng mga kabataan sa kasalukuyan ang mag-kompyuter, mag-*Ragnarok* o kaya ay mag-*text*. Masyadong mabilis ang panahon kung kaya itinuturing na ngayong makaluma ang kanyang mga akda. Ngunit sa mga nahihilig basahin ni Nick Joaquin, tiyak na nakikita nilang malaki ang ginagampanan ng mga akda sa pagkilala nila sa kanilang pagka-Pilipino.

Sumakabilang buhay si Nick Joaquin noong Abril 29, 2004 sa edad na 86. Sa luksang-parangal na ibinigay sa kanya, imimungkahi ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo na bilang pag-alala kay Nick, magsama-sama ang lahat ng mga Pilipino upang bumuo ng isang lipunang nagpapahalaga sa ating mga kinikilalang bayani, sa mga manunulat at sa mga natatanging alagad ng sining. Dahil sila ang mga natatanging Pilipino na nagpapanatili at nagpapayabong ng ating kultura at pagka-Pilipino.

(*Pinagkunan: Tipong Pinoy, Vol. 1, No.5, p.4*)

Sa iyong palagay, ano kaya ang mga hakbang na isinagawa ng awtor ng talambuhay ni Nick Joaquin upang makakuha ng mga inpormasyon tungkol sa magaling na manunulat?

Tama ka! Nagsaliksik ang awtor.
Saan-saan kaya siya nagsaliksik?

Kung ang naiisip mo ay sa aklatan, internet, at iba pang mga babasahin ay tama ka. Maging maingat sa pagkuha ng mga datos o impormasyon upang maiwasan ang pagkakamali.

Ngunit kung buhay pa ang taong gustong gawan ng talambuhay, maaari kang magsagawa ng interbyu o panayam.

Ano ba ang interbyu o panayam?
Ito ay isang paraan ng pagkuha ng mga detalye o impormasyon sa isang tao na ginagawan mismo ng talambuhay. Sa pamamagitan nito, ikaw at ang taong gagawan ng talambuhay ay magkaharap na nag-uusap. Personal mong nakukuha ang mga mahahalagang impormasyon tungkol sa kanya.

Sa pagsasagawa ng interbyu, may mga hakbang na kailangan isakatuparan muna. Ito ay ang mga sumusunod:

1. Dumating sa tamang oras na napagkasunduan.

2. Magdala ng bolpen at papel. Kung may *tape recorder* ay mas mabuti.

3. Isulat na sa isang papel ang mga tanong na nais itanong sa taong kakapanayanim.

4. Maging magaling sa pag-iinterbyu.

5. Magpasalamat pagkatapos ng interbyu.

Paano ba inihahanda ang mga tanong para sa isang interbyu?

Madali lamang. Kailangan nagmula muna sa mga tanong tungkol sa sarili, nakamit at mga karanasan sa buhay, pangarap o mga palano, patungo sa mahihirap na tanong tulad sa paniniwala o pilosopiya sa buhay, mga pagtingin sa mga isyu. Unahin mo muna ang mga tanong na kailangan sa talambuhay tulad buong pangalan, petsa at lugar kapanganakan, mga magulang, natapos at iba pa. Ihuli mo ang mga tanong na mahihirap, ito ay upang maihandang mabuti ang kinakapanayam.

Nabanggit ko na sa sub-aralin na ito, ikaw ay mag-iinterbyu ng isang tao sa labas ng inyong klasrum o paaralan. Siya ay maaaring may katungkulan sa inyong lugar o simpleng mamamayan na may mabubuting at kapaki-pakinabang na gawain sa inyong pook. Ngunit bago mo siya puntahan at kapanayamin, aalalayan muna kitang gumawa ng mga tanong.

Gawain ang pagsasanay sa LINANGIN.

**Linangin**

Panuto: Mag-isip ng isang tao na maaari mong kapanayamin upang gawan ng talambuhay. Tiyak na sa inyong lugar ay may mga kinikilalang personalidad o mamamayan o kaya'y mga pangkaraniwang tao na may naitutulong na malaki sa iba tao at sa lipunan.

Kung nahihirapan kang mag-isip kung sino ang iyong kakapanayamin, tignan mo ang susunod na talaan ng mga taong maaari mong gawan ng talambuhay:

1. Isang amang nakapagpatapos ng mga anak sa kolehiyo

2. Isang maliit negosyante sa inyong lugar na umunlad dahil sa pagsisikap

3. Isang dating *service crew* na nakatapos na ng pag-aaral sa kolehiyo

4. Isang dating *valedictorian* sa inyong paaralan na ngayo'y matagumpay na sa kanyang larangan

5. Isang kilalang modista sa inyong pook
6. Isang kinikilalang barangay tanod

Kung natukoy mo na ang taong gusto mong kapanayamin upang gawan ng talambuhay, maghanda ka ng sampung (10) tanong para sa kanya. Ipakita mo muna sa iyong guro ang mga tanong na iyong ginawa. Tandaan na posibleng sa panahon ng panayam ay may mga tanong kang wala sa iyong inihanda na magandang maitanong. Ayos lang! Isulat ang mga tanong sa isang hiwalay na papel.

Huwag kalilimutang dalhin ang mga tanong na ito sa araw na itinakda ang panayam. At siyempre, huwag na huwag mong kalilimutan ang magdala ng bolpen at papel, o kaya'y ng *tape recorder* kung mayroon. Maging maingat sa pagsusulat o pagtatala ng mga datos at impormasyong binabanggit ng kinakapanayam.

**Gamitin**

Pero bago mo puntahan ang taong nais mong kapanayamin. Iyo munang pag-aralan ang wastong pagtatanong. Pag-aralan ang tsart sa ibaba.

| Mga Ginagamit sa Pagtatanong | Kaukulan o Gamit |
|---|---|
| 1. Ano | Ginagamit sa pagtatanong ng ngalan ng bagay o pangyayari. |
| 2. Sino | Ginagamit sa pagatatanong ng ngalan ng tao. |
| 3. Ilan | Ginagamit sa pagtatanong ng bilang. |

| | |
|---|---|
| 4. Saan | Ginagamit sa pagtatanong ng pook. |
| 5. Kanino | Ginagamit sa pagtatanong ng ngalan ng tao |
| 6. Kailan | Ginagamit sa pagtatanong ng panahon |
| 7. Gaano | Ginagamit sa pagtatanong ng timbang o sukat |
| 8. Paano | Ginagamit sa pagtatanong ng paraan |
| 9. Alin | Ginagamit sa pagtatanong kung alin ang pipiliin |
| 10. Bakit | Ginagamit sa pagtatanong ng dahilan |

Panuto: Punan ng wastong panandang pananong ang mga sumusunod:

1. _______________ ang mga isinulat ni Nick Joaquin?
2. _______________ ipinanganak si Nick Joaquin?
3. _______________ ang mga magulang ni Nick Joaquin?
4. _______________ ang unang obra ni Nick Joaquin?
5 _______________ sinasabing naiiba si Nick Joaquin sa ibang manunulat?
6 _______________ tinanggap ni Nick Joaquin ang parangal bilang National Artist noong 1976?
7 _______________ ang mga tema/paksa na madalas talakayin ni Nick Joaquin sa kanyang mga akda?
8 _______________ sumakabilangbuhay si Nick Joaquin?
9 _______________ ipinakita ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo ang kanyang pakikiramay sa namayapang manunulat?
10 _______________ taon si Nick Joaquin nang pumanaw?

Narito ang mga wastong sagot.

1. Ano
2. Kailan/Saan
3. Sino
4. Ano
5. Bakit
6. Bakit
7. Ano
8. Kailan
9. Paano
10. Ilan

Kung ang iyong nakuha ay higit sa lima (5), maaari mo nang gawin puntahan ang LAGUMIN. Pero kung ang nakuha mo ay apat (4) pababa, pag-aralan mong muli ang tsart ukol sa wastong pagtatanong.

**Lagumin**

Sa sub-aralin na ito, iyong natutunan ang mga hakbang upang maging malikhain ang iyong isinusulat na talambuhay. Malaki ang maitutulong ng pananaliksik upang maging makatotohan ang iyong akda. Nalaman mo rin ang kahalagahan ng pagiging maingat sa mga datos at impormasyon.

Tinalakay din natin ang mga hakbang sa pagsasagawa ng interbyu sa isang taong nais gawan ng talambuhay. Kailangan ang pagiging handa at laging nasa oras sa panayam upang maiwasang makaabala sa taong hinihingan ng pabor.

Natutunan mo rin ang wastong pagtatanong. Kailangan itong magmula sa madadali patungo sa mahihirap na tanong. Ito ay upang maihanda at hindi mabigla ang taong tinatanong.

Marahil, nasasabik ka nang sumulat.

**Subukin**

Ngayong hawak mo na ang mga datos o impormasyon, simulan mo na ang paggawa ng balangkas o *outline.* Isulat ang balangkas sa isang hiwalay na papel.

Pag-isipan mo na rin kung paano mo sisimulan at wawakasan ang talambuhay na iyong isusulat. Maghanap ng babagay na salawikain sa taong iyong kinapanayam o maaari rin namang isang linya ng sikat na awitin. Alam kong taglay mo rin ang malikhaing-isip upang maging masining ang iyong akda.

Marahil, nasasabik ka nang lagyan ng laman ang balangkas na iyong ginawa. Sige ito na ang panahon ng iyong pagsusulat.

**Paunlarin**

Ngayong kumpletong-kumpletong na ang lahat, maaari mo nang simulan ang pagsulat ng iyong talambuhay. Gamitin mo ang mga kasanayang iyong natutunan sa mga nagdaang sub-aralin upang maging masining ang iyong akda.

Pagkatapos mong maisulat ang talambuhay, hilingin mo sa iyong guro na babasahin mo ito sa harap ng klase. Tulad uli ng dati, kung mayroong mga mungkahi ang mga iyong mga kaklase at guro sa iyong isinulat na talambuhay, gamitin mo ang mga ito. Makatutulong ito upang mapakinis mo pa ang iyong akda.

Mas maganda rin kung bibigyan mo ng kopya ng iyong akda ang taong iyong kinapanayam. Tiyak kong matutuwa siyang mabasa ang iyong akda na iyong pinaghirapan.

Binabati kita sa iyong matiyagang pag-aaral sa modyul na ito.

Sagutin mo ang panghuling pagsusulit sa GAANO KA NA KAHUSAY? para matiyak natin ang iyong natutuhan sa aralin.

## *Gaano ka na kahusay?*

I. Panuto: Basahin ang mga sumusunod na pagbibigay-kahulugan. Piliin sa kahon ang letra ng salitang tumutukoy sa bawat isa. Isulat sa hiwalay na papel ang iyong sagot.

1. Tumatalakay ito sa kasaysayan o kuwento ng buhay ng isang tao.

2. Dalawang salitang pinanggalingan ng salitang *talambuhay.*

3. Talambuhay ng ibang tao

4. Talambuhay ng pansarili

5. Nagsisilbi itong pagtnubay sa pagsulat ng talambuhay. Ito ay ang pagkakasunud-sunod ng mga detalye o kaisipan.

6. Ito ay ang mga nagpapayaman at tumutulong upang maging makatotohanan ang isang talambuhay.

7. Ito ay isang hakbang upang makakuha ng mga impormasyon ukol sa isang taong nais gawan ng talambuhay kung siya ay nabubuhay pa.

8. Katumbas ng salitang *talambuhay* sa ingles.

9. Isang paraan ito upang mapakinis o mapaganda ang isinusulat na talambuhay. Kasama dito ang pagwawasto ng mga gamit ng salita at iba pa.

10. Ito ay produkto ng malikhaing-isip ng tao na kanyang ginagamit sa pagpapahayag ng kanyang kaisipan o damdamin.

| | |
|---|---|
| tala at buhay | talambuhay |
| *biography* | interbyu |
| *autobiography* | sining |
| impormasyon | balangkas |
| detalye | pormularyo |
| *tape recorder* | rebisyon |

II. Punan ng wastong tandang pananong ang mga sumusunod:

1. _______________ ang mga talento ni Marcelo H. del Pilar?

2. _______________ nais ni del Pilar na magtatag ng mga paaralan?

3. _______________ ginamit ni del Pilar ang La Solidaridad bilang tagapangasiwa?

4. _______________ nabigo ang balak na pagbabalik ni del Pilar sa Pilipinas?

5. _______________ pumanaw si del Pilar?

6. _______________ hinubog ni Napoleon Abueva ang iskultura niyang *Kaganapan* at *Mother & Child*?

7. ______________ naiiba ang iskultura ni Abueva sa kanyang titser na si Guillermo Tolentino?

8. _______________ kalupit ang dinanas ng pamilya ni Abueva sa panahon ng pananakop ng mga Hapon?

9. _______________ ang mga magulang ni Abueva?

10. ______________ makikita ang mga obra ni Abueva?

Pagkatapos mong masagutan ang pagsusulit, hingin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Ihambing ang iyong mga kasagutan.

Kung ang iyong nakuha sa pagsusulit ay 10 pataas, maaari mo ng gawin ang susunod na modyul. Kung ang iyong nakuha naman ay 9 pababa, iminumungkahi kong balikan mo ang ilan sa mga sub-aralin sa modyul na ito.

Maraming salamat kaibigan!



## Susi sa Pagwawasto

### Modyul 5
### Pagsulat ng Talambuhay

Ano na ba ang alam mo?

1. talambuhay
2. tala at buhay
3. biography
4. *autobiography*
5. balangkas
6. detalye/impormarsyon
7. interbyu
8. *biography*
9. rebisyon
10. sining

Gaano ka na kahusay?

I.

1. talambuhay
2. tala at buhay
3. biography
4. *autobiography*
5. balangkas
6. detalye/impormasyon
7. interbyu
8. *biography*
9. rebisyon
10. sining

II.

1. Ano
2. Bakit
3. Paano
4. Bakit
5. Kailan
6. Saan/Paano
7. Paano
8. Gaano
9. Sino
10. Saan